

PAHINA NG IMPORMASYON

Kapakanan ng pusa

Kamangha-mangha ang mga pusa bilang mga alagang hayop – halos ikatlong bahagi ng mga sambahayan sa Australia ang may alagang pusa o mga pusa, at itinuturing sila ng karamihan bilang bahagi ng pamilya. Mabuti rin sa atin ang mga alagang pusa – pati na rin ang pagkakaroon ng makakasama, ipinapakita ng pananaliksik na tinutulungan nila tayong magkaroon ng mas magandang kalusugan ng katawan at isipan, at pinasasaya nila tayo.

Kung nagpasya ka man na pakainin at kaibiganin ang isang ligaw na pusa, nag-ampon mula sa isang ampuhan o pinili ang iyong pusa mula sa isang breeder, kailangan mong siguraduhin na nakapon ang iyong pusa (nabaog). Pinipigilan ng pagkakapon ng iyong pusa ang sobrang pagdami ng mga pusa at mabuti ito para sa iyong pusa at sa kapaligiran.

Anong edad dapat kapunin ang isang pusa?

Para sa maximum na mga benepisyong sa kalusugan at lipunan, dapat kapunin lahat ng kuting bago nila maabot ang sekswal na maturity (12-16 na linggo/3 -4 na buwan). Gayunman, hindi kailanman huli na pigilin ang mga pagdami ng mga kuting sa pamamagitan ng pagkakapon ng mga pusang nasa hustong gulang na.

Ligtas na makakapon ang mga pusa mula 8-10 linggo ang edad (sa panahon na 1 kilo ang kanilang timbang). Naiiwasan ng pagkakapon sa maagang edad ang pagkakaroon ng mga mailap na pag-uugali na kaugnay ng sekswal na maturity at sinisiguro na hindi magkakaroon ng mga kuting.

Walang katotohanan ang lumang paniniwala na dapat payagan ang mga babaeng pusa na magkaroon ng mga anak na kuting bago kapunin. Ang totoo, nadaragdagan ang kanilang panganib na magkaroon ng kanser sa pagkakaroon ng mga kuting.

Mas posibleng magpakita ng hindi kanais-nais na pag-uugali ang mga lalaking pusa na hindi pa nakapon ('buo') gaya ng pagkakalat ng masangsang na ihi (pati na sa loob ng bahay), paggagala sa labas at pakikipag-away sa ibang pusa. Maaari din silang maging mas agresibo sa mga tao at karaniwang hindi magiliw kaysa mga nakapon na lalaki.

Mas mataas ang panganib ng mga hindi nakapon na pusa na mapinsala,, masagasaan, at magkakaroon ng mga nakamamatay na sakit gaya ng Feline Immunodeficiency Virus at Feline Leukaemia Virus. Nababawasan ng pagkakapon ang panganib na magkaroon ng maraming uri ng kanser sa parehong lalaki at babaeng pusa.

Dahil sa pagkakapon, nagiging mas malusog, mas masaya, mas hindi gumagala ang mga pusa: sa madaling salita, mas mainam na alagang hayop ang mga nakapon na pusa.

Ano ang sangkot?

Walang kilalang pangmatagalang panganib ang kaugnay ng pagkakapon o pagkakapon sa murang edad. Isinasagawa na ang pagkakapon sa murang edad sa loob ng mahigit 20 tao at natagpuang medikal na ligtas at ligtas ito sa pag-uugali ng mga pusa.

Sangkot sa pagkakapon ng mga babaeng pusa (tinatawag ding spaying/speying) ang pag-aalis ng mga obaryo at matris sa pamamagitan ng operasyon (sa pamamagitan ng isang maliit na hiwa sa tagiliran o sa tiyan) habang sumasailalim ang pusa sa general anesthetic. Pagkatapos ng operasyon, kakailanganin ng pusa ng pahinga at dapat panatilihin sa loob ng bahay at tahimik sa loob ng susunod na ilang araw. Dapat mong bantayan ang pilat ng hiwa at makipag-ugnayan sa iyong beterinaryo kung mukhang namamaga, bumubuka o nagdurugo ang pilat. Kakailanganin mo ring malaman kung anong uri ng mga tahi ang ginamit at siguraduhin na hindi hinihila ng iyong pusa ang mga ito.

Ginagawa rin ang pagkapon sa lalaki (tinatawag ding kneutering) habang nasa general anaesthetic at sangkot ang pag-aalis ng bayag sa pamamagitan ng maliit na hiwa sa scrotum.. Walang gagawing tahi. Pagkatapos ng operasyon, dapat panatilihin nasa loob ng bahay at tahimik ang pusa sa loob ng ilang araw.

Napakabilis na gumagaling ang karamihan sa mga lalaki at babaeng pusa at kuting mula sa pagkakapon. Bibigyan ka ng iyong beterinaryo ng mga tagubilin para sa pangangalaga pagkatapos ng operasyon. Siguruhin na maraming sariwang tubig na maiinom ang iyong pusa at bigyan siya ng kanyang mga paboritong pagkain. Obserbahan siya nang mabuti at kung mukhang matamlay ang iyong pusa at hindi bumalik ang kanyang karaniwang gana sa loob ng 24 na oras, dapat kang makipag-ugnayan sa iyong beterinaryo.

Mga Benepisyo

Ang mga benepisyo ng pagkakapon – hindi pagkakaroon ng mga kuting; pag-iwas sa pagkakaroon ng mailap na pag-uugali; at pagbawas sa mga panganib na magkaroon ng ilang sakit – ay mas matimbang kaysa mga panganib.

Sa kasamaang palad, libo-libong pusa ang pinapatay sa pamamagitan ng euthanasia sa mga kulungan at ampunan ng NSW kada taon dahil napakarami nang pusa at kuting at wala na silang sapat na matitirhan. Maaari kang tumulong na ihinto ito sa pamamagitan ng pagsiguro na kinapon ang iyong pusa.

Naniningil ang iba't ibang klinika ng beterinaryo ng magkakaibang presyo para sa pagkapon, nag-iiba-iba mula sa halos \$120 hanggang sa halos \$300. **Kung kailangan mo ng tulong sa pag-access sa abot-kayang pagkakapon, matutulungan ka ng Cat Protection.** Kung hindi ka nagsasalita ng wikang Ingles, hilingin sa isang kaibigan o kamag-anak na nagsasalita ng wikang Ingles na

tumawag sa aming opisina (9am-4pm, Lunes hanggang Biyernes, 9519 7201) at maaari kaming humanap ng klinika o programa na magbibigay sa iyo ng may diskuwentong pagkakapon para sa iyong pusa.

Ano ang microchipping at pagpaparehistro?

Ang microchip ay kasinglaki ng butil ng bigas at nagtataglay ng barcode na maaaring 'mabasa' ng isang maliit na hinahawakang device na tinatawag na microchip scanner. Ang microchip ay hindi isang device para sa lokasyon o pagsubaybay. Ini-implant ito sa ilalim ng balat malapit sa mga balikat. Ipinapasok ang mga numero mula sa microchip barcode sa isang database, ang NSW Companion Animals Register at kapag ipinarehistro mo ang iyong pusa, inili-link ang iyong address at mga detalye ng numero sa pakikipag-ugnayan ng microchip na iyon.

Ibig sabihin, kung mawala ang iyong pusa at dinala sa isang kulungan o ampunan, maaaring gumamit ang tauhan doon ng scanner para 'basahin' ang numero ng microchip ng iyong pusa. Kapag hinanap nila ang numero sa Companion Animals Register makikita nila ang iyong mga detalye sa pakikipag-ugnayan at makikipag-ugnayan sa iyo para ipaalam sa iyo na nasa kanila ang iyong pusa.

Kumpidensyal ang iyong impormasyon at maaari lang itong makita ng mga awtorisadong tauhan sa mga konseho, kulungan, ampunan at klinika ng beteryaryo.

Iniuutos ng batas ng NSW na iparehistro at lagyan ng microchip ang iyong mga alagang hayop. Higit na mas murang iparehistro ang isang pusang kinapon bago ang edad na apat na buwan. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa iyong lokal na konseho o bisitahin ang <https://www.olg.nsw.gov.au/public/dogs-cats/>

Mahalaga na panatilihin up-to-date ang iyong mga detalye sa pakikipag-ugnayan para makapiling mong muli ang iyong pusa kung mawala man ito. Maaari mong i-update ang iyong telepono at address sa paggawa ng sarili mong account sa NSW Pet Registry o sa pakikipag-ugnayan sa iyong lokal na konseho.

Anong gamot ang dapat magkaroon ng aking pusa?

Dapat magkaroon ang lahat ng kuting ng kanilang buong kurso ng F3 na bakuna at pagkatapos noon, mga booster kada isa hanggang tatlong taon, depende sa payo ng iyong beteryaryo. Kilala ang F3 bilang 'pangunahing' bakuna at nagbibigay ng proteksyon laban sa Feline Panleukopaenia Virus, Feline Calicivirus at Feline Herpes Virus.

Kailangan ng pusa mo na regular na magamot para iwasan ang mga parasito (mga pulgas at bulate). Huwag kailanman gumamit ng mga produktong nakadiseno para sa mga aso sa iyong pusa – maaari nitong patayin ang iyong pusa. Maaaring magdulot ang mga pulgas at bulate ng malulubhang problema sa kalusugan ng iyong pusa, pati na rin ng mga problema para sa iba pang alagang hayop at tao sa inyong sambahayan.

Kung nagpapakita ang iyong pusa ng mga palatandaan ng sakit (halimbawa, pagkawala ng gana o labis na pagkauhaw) o pinsala (halimbawa, pag-urong kapag

hinipo) o nagbago ng mga pag-uugali (gaya ng pagtatago kung hindi nila karaniwang ginagawa ito) dapat mo itong dalhin sa betenaryo. Kahit malusog ang inyong pusa, dapat mo siyang dalhin sa betenaryo isang beses sa isang taon para ipa-checknup: tandaan, mahabang panahon ang 12 buwan sa haba ng buhay ng isang pusa.

Nutrisyon at pamumuhay

Kailangan ng lahat ng pusa ang mabuting diyeta, maraming sariwang tubig (nakalagay sa mga mangkok na malayo kung saan inihahain ang kanilang pagkain), isang malinis na paglalagyan ng dumi at ligtas at komportableng lugar para matulog. Nakikinabang din sila sa oras ng paglalaro – tumutulong ito para mapanatiling malusog ang isipan at katawan ng mga ito. Hindi mo kailangang gumastos nang malaki – gusto ng mga pusa ang mga karton na kahon, paghahabol sa mga lukot na papel at maaari kayong gumawa ng mga puzzle na pagkain para sa kanila sa pamamagitan ng paglalagay ng mga biskwit ng inyong pusa sa isang karton na tubo (tulad ng isang walang laman na toilet paper roll). Nakikinabang ang mga pusa sa matatas na lugar na madadapuan – mahalaga sa mga pusa ang mga espayo na patayo – at kailangan nila ng lugar para makapag-unat at gamitin ang kanilang mga kuko, tulad ng isang matibay na poste na makakalmot.

Kapag bumibili ng pagkain ng pusa, tiyakin na isinasaad ng etiketa na "kumpleto at balanse ang nutrisyon" – may partikular na pangangailangan sa diyeta ang mga pusa at maaaring magkasakit nang malubha kung hindi nila makuha ang lahat ng bitamina at mineral na kailangan ng mga ito. Hindi puwedeng ihalili ang pagkain ng aso sa pagkain ng pusa. May tatak na 'pantulong' ang ilang pagkain ng pusa – dapat lamang ibigay ito nang paminsan-minsan bilang handog dahil hindi nito natutugunan ang mga kinakailangang nutrisyon ng inyong pusa.

Kung hindi eksklusibong nananatili sa loob ng bahay ang inyong pusa, subukang pigiling lumabas ang mga ito sa inyong ari-arian sa pamamagitan ng paglalagay ng bakod para sa pusa. Para sa kapakanan ng kalusugan at kaligtasan ng inyong pusa, ng amenidad ng kapitbahayan at proteksyon ng mga hayop, *laging* panatilihin nasa loob ng bahay ang inyong pusa.